**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 5, Issue 2**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Omega de Salonera: A look at the unique dance and song culture of the coffeehouse for the identity of the association

**Jenebeth Dotillos***
Surigao Del Norte State University, Surigao City, Surigao del Norte, Philippines

ABSTRACT

This research aims to examine and document the dances and songs of Omega de Salonera in order to fully understand the identity of Sitio Kapihan and its significance to the community's collective identity. The study employed a qualitative and descriptive design with a community-based approach. Through purposive sampling, informants with direct experience in the group were selected—including trainers, dancers, songwriters, and officials. Data were gathered through interviews, observation, and document analysis, and were examined using content analysis. Findings revealed that the group's songs and dances form a comprehensive cultural discourse. The songs revolve around three themes: Faith and Hope (e.g., "Buhata"), Sacrifice (e.g., "Ikaw"), and Renewal (e.g., "Himala ng Pasko"), which together create a "circular logic" linking members' efforts to divine reward. The dances serve as physical manifestations of these values, expressing the spirit of Bayanihan ("Hinabangay Dance"), gratitude for nature ("Grasya"), and the unique fusion of faith and courage through the use of the image of the Sto. Niño and movements inspired by Arnis. The steps, costumes, and props carry deep symbolism that reinforces roles within the community and their collective identity. It can be inferred from the study that the art of Omega de Salonera is not merely a performance, but a living and dynamic theological and cultural mechanism. It serves as a foundation that shapes and strengthens morality, unity, and the unique identity of their community, rooted in profound spirituality and cooperation.

Keywords: Omega de Salonera, Sitio Kapihan, identity, qualitative research, cultural performance, Bayanihan, theology of art, dance analysis, song analysis.

Date Submitted: April 10, 2026
Date Accepted: April 17, 2026
Date Published: April 23, 2026

*Corresponding author/ Email: jenebeth.dotillos@deped.gov.ph
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS05021023

Recommended citation:
Dotillos, J. (2026). Omega de Salonera: A look at the unique dance and song culture of the coffeehouse for the identity of the association. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 5 (2), 1953-1974. http://doi.org/10.69651/PIJHSS05021023

# Omega de Salonera: Isang pagsipat sa natatanging kulturang sayaw at awit ng kapihan para sa identidad ng samahan

**Jenebeth Dotillos**
Surigao Del Norte State University, Surigao City, Surigao del Norte, Philippines

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masuri at maidokumento ang mga sayaw at awitin ng Omega de Salonera upang lubos na maunawaan ang pagkakakilanlan ng Sitio Kapihan at ang kahalagahan nito sa identidad ng komunidad. Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibo at deskriptibong disenyo na may community-based na pagdulog. Sa pamamagitan ng Purposive Sampling, pinili ang mga impormante na may direktang karanasan sa grupo—kabilang ang mga tagapagsanay, mananayaw, manunulat ng awit, at opisyal. Ang mga datos ay kinalap sa pamamagitan ng pakikipanayam, pagmamasid, at pagsusuri ng dokumento, at sinuri gamit ang Content Analysis. Natuklasan na ang mga awitin at sayaw ng grupo ay isang komprehensibong diskursong kultural. Ang mga awitin ay umiikot sa tatlong tema: Pananampalataya at Pag-asa (hal. "Buhata"), Sakripisyo (hal. "Ikaw"), at Panunumbalik (hal. "Himala ng Pasko"), na bumubuo ng isang "circular logic" na nag-uugnay sa pagsisikap ng miyembro sa banal na gantimpala. Ang mga sayaw naman ay nagsisilbing pisikal na manipestasyon ng mga pagpapahalagang ito, na nagpapakita ng diwa ng Bayanihan ("Hinabangay Dance"), pasasalamat sa kalikasan ("Grasya"), at ang natatanging pagsasanib ng pananampalataya at katapangan sa pamamagitan ng paggamit ng imahe ng Sto. Niño at mga galaw ng Arnis. Ang mga hakbang, kasuotan, at kagamitan ay may malalim na simbolismo na nagpapatibay sa mga gampanin sa komunidad at sa kanilang kolektibong identidad. Mahihinuha mula sa pag-aaral na ang sining ng Omega de Salonera ay hindi lamang pagtatanghal, kundi isang buhay at dinamikong mekanismong teolohikal at kultural. Ito ay nagsisilbing pundasyon na humuhubog at nagpapatibay sa moralidad, pagkakaisa, at natatanging pagkakakilanlan ng kanilang komunidad, na nakaugat sa malalim na espiritwalidad at pagtutulungan.

Susing Salita: Omega de Salonera, Sitio Kapihan, identidad, kwalitatibong pananaliksik, cultural performance, Bayanihan, teolohiya ng sining, pagsusuri ng sayaw, pagsusuri ng awit.

## PANIMULA

Ang Omega de Salonera ay isang pangkat ng sining na pagtatanghal mula sa Sitio Kapihan, Bucas Grande Island, Socorro, Surigao del Norte na kilala sa kanilang makulay at malikhaing pagtatanghal sa iba't ibang festival, partikular sa Sinulog Festival sa Cebu. Bilang bahagi ng Socorro Bayanihan Services, Inc. (SBSI), ang grupo ay naging mahalagang representasyon ng kultura, sining, at kolektibong identidad ng komunidad sa Sitio Kapihan. Ang SBSI ay pormal na itinatag nina Don Albino Taruc at Rosalina Lasala "Nena" Taruc noong Disyembre 20, 1980 ayon sa pagpapaparehistro nito sa Securities and Exchange Commission, bagaman nagsimula ang organisasyon bago pa ang dekada 1970 bilang isang maliit na samahan ng mga katutubo at mamamayan mula sa mga karatig-isla. Sa pamumuno ng mag-asawang Taruc, isinulong ng organisasyon ang konsepto ng bayanihan o communal unity bilang pundasyon ng kanilang pamayanan at pagkakaisa. Noong 2004, nakakuha ang SBSI ng Protected Area Community-Based Resource Management Agreement (PACBRMA) mula sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) para sa pagpapaunlad ng lupa sa Sitio Kapihan. Pagsapit ng 2017 ay nagsimulang manirahan ang mga tao sa nasabing lugar, at noong 2019 ay dumami ang mga lumipat sa Kapihan matapos ang magnitude 5.8 na lindol.

Matapos ang pagpanaw ni Rosalina Taruc noong Hunyo 27, 2021, humalili si Jey Rence B. Quilario o mas kilala bilang Senior Agila bilang pinuno ng samahan. Sa kabila ng mga pagbabagong naganap sa organisasyon at komunidad, nanatiling buhay ang impluwensiya ng kanilang mga ninuno sa pang-araw-araw na pamumuhay at sa mga gawaing pangkultura na kanilang isinasagawa.

Ang kultura ay itinuturing na mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng tao at ng isang lipunan. Ayon kay Matsumoto (1996), ang kultura ay binubuo ng mga saloobin, pagpapahalaga, paniniwala, at mga pag-uugaling ibinabahagi ng isang pangkat ng tao mula sa isang henerasyon tungo sa susunod. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Savchyn (2023) na mahalaga ang papel ng sayaw sa pagpapalaganap ng kultura sapagkat ito ay nagsisilbing daluyan ng mga tradisyon, paniniwala, at pagpapahalaga ng isang lipunan. Sa konteksto ng Sitio Kapihan, naging mahalagang instrumento ang Omega de Salonera sa pagpapakita at pagpapanatili ng kulturang Socorronhon sa pamamagitan ng kanilang mga pagtatanghal. Dahil sa tagumpay ng grupo sa mga pambansa at pandaigdigang pagtatanghal, mula Cebu hanggang Korea, higit na naging mahalaga ang pagdodokumento at pagsusuri sa kanilang mga sayaw at awitin upang maipasa ang kaalamang ito sa mga susunod na henerasyon. Sa pagdaan ng panahon, unti-unting nakalilimutan ng mga Pilipino ang tunay na kultura at patuloy na nababalewala ang kahalagahan ng wika at tradisyong Pilipino (Serato et al., 2024). Dahil dito, ninanais ng mananaliksik na masuri at maidokumento ang mga sayaw at awitin ng Omega de Salonera upang higit na maunawaan ang pagkakakilanlan ng Sitio Kapihan at ang kahalagahan nito sa mas malawak na konteksto ng identidad ng komunidad.

Ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral ay nagsisilbing mahalagang saligan upang higit na maunawaan ang papel ng kultura, sining, musika, at pagtatanghal sa paghubog ng identidad at kamalayang panlipunan. Sa kasaysayan ng Omega de Salonera, makikita ang patuloy na pag-unlad ng grupo bilang bahagi ng SBSI at ang kanilang paglahok sa mga mahahalagang pagtatanghal tulad ng Sinulog Festival noong Enero 2023 kung saan sila ay nagwagi ng grand prize sa Free Interpretation Category. Ang kanilang tagumpay ay nagpakita ng disiplina at bayanihan bilang mahahalagang sangkap ng kanilang pagtatanghal. Gayunpaman, naging bahagi rin ng kasaysayan ng organisasyon ang mga kontrobersiya at hamon na kanilang kinaharap matapos lumabas ang mga paratang ng pang-aabuso laban sa SBSI noong Setyembre 2023 sa Senado ng Pilipinas. Kasunod nito, sinuspinde ng DENR ang PACBRMA ng SBSI noong Oktubre 2023 habang hinihintay ang relocation program para sa Sitio Kapihan at ang pinal na desisyon hinggil sa kanilang pananatili sa lugar. Matapos ding makulong si Senior Agila, pansamantalang pinamunuan ni Johann C. Lasala ang samahan hanggang sa kanyang pagpanaw noong Agosto 7, 2024, at sa kasalukuyan ay pinamumunuan ito ni Rexon O. Lubapis.

Mahalagang lente sa pag-aaral na ito ang Performance Theory nina Richard Schechner at William Beeman (1993) sapagkat binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pagtatanghal bilang isang proseso ng pagpapahayag ng kultura, identidad, at panlipunang relasyon. Ayon sa teoryang ito, ang pagtatanghal ay hindi lamang limitado sa mga tradisyunal na anyo ng sining tulad ng teatro at sayaw kundi sumasaklaw din sa mga ritwal, gawi, at kilos ng tao sa lipunan. Binibigyang-halaga nito ang konteksto kung saan nagaganap ang pagtatanghal, ang proseso ng paghahanda at pagsasanay, ang ugnayan ng tagaganap at tagapanood, at ang representasyong ipinapahayag sa pamamagitan ng kilos, salita, at iba pang elemento ng pagtatanghal. Sa pananaw na ito, ang pagtatanghal ay nagsisilbing makapangyarihang kasangkapan sa pagpapahayag ng kamalayang panlipunan at pagpapanatili ng kultura.

Sa pagtalakay naman sa konsepto ng kultura at identidad, ipinahayag ni Taylor (2007) na ang kultura ay tumutukoy sa paraan ng pamumuhay ng mga tao sa isang lipunan at nakikita

ito sa kanilang mga salita, aklat, relihiyon, musika, pananamit, pagkain, at iba pang gawaing panlipunan. Dagdag pa rito, ipinaliwanag ni Mangahis (2010) na ang kultura ay isang nagkakaisang modelo ng pag-uugali ng tao na kinabibilangan ng kaisipan, komunikasyon, wika, paniniwala, pagpapahalaga, kaugalian, ritwal, at paraan ng pakikisalamuha. Naniniwala rin si Rocher (2004) na ang kultura ay isang koneksyon ng mga ideya at damdaming tinatanggap ng karamihan sa isang lipunan at hindi ito maihihiwalay sa wika. Sa pamamagitan ng wika, naipapahayag ng tao ang kanyang damdamin, adhikain, pag-iisip, at karanasan sa pang-araw-araw na buhay (Montera et al., 2012). Kaugnay nito, sinabi ni Semorlan (2010) na hindi mapaghihiwalay ang wika, kultura, at lipunan sapagkat ang wika ang nagsisilbing daluyan upang makilala ang kulturang kinabibilangan ng isang tao. Binanggit din sa teorya ni Cicero ang kahalagahan ng kultura bilang salalayan sa paghubog ng paniniwala, pag-uugali, at kaalaman ng mga mamamayan.

Mahalaga rin ang papel ng musika bilang lunsaran ng pagpapahalagang kultural. Ayon kay Shang (2019), ang popular na musika ay nagiging salamin ng karanasan, damdamin, at pangarap ng mga tao sa pamamagitan ng mga liriko at melodiya na nagpapahayag ng pag-ibig, kalungkutan, tagumpay, at pakikibaka. Ang musika ay hindi lamang isang anyo ng libangan kundi isang makapangyarihang instrumento sa pagpapahayag ng damdamin at pagbibigay inspirasyon. Dagdag pa rito, sinabi nina Balbada at Largo (2021) na ang mga awitin ay mahalagang bahagi ng kultura at pamumuhay sapagkat sa pamamagitan nito ay naipapahayag at naipapasa ang mga karanasan at aral sa mga susunod na henerasyon. Ang mga liriko ng awitin ay naglalaman din ng mga pagpapahalagang etikal at sikolohikal na nakatutulong sa paghubog ng emosyon at pagkakakilanlan ng tao. Sa pag-aaral nina Salimullah et al. (2023), binigyang-diin ang kahalagahan ng mga awiting pambata dahil sa kanilang kakayahang maghatid ng edukasyonal at sikolohikal na impluwensiya sa mga tagapakinig. Kaugnay nito, ipinahayag nina Lorrie Kubicek (2022) at Oliver Sacks (2007) na may positibong epekto ang musika sa kalusugan at pag-iisip ng tao sapagkat nakatutulong ito sa pagbabawas ng stress, pagpapataas ng mood, at pagpapasigla ng iba't ibang bahagi ng utak na may kaugnayan sa memorya at emosyon.

Ang mga literaturang ito ay may mahalagang kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat nagbibigay ang mga ito ng malalim na pag-unawa hinggil sa pagsusuri at pagdodokumento ng mga sayaw at awitin ng Omega de Salonera sa Sitio Kapihan, Socorro, Surigao del Norte. Bagaman may pagkakatulad sa pagtatalakay ng kultura, musika, at pagtatanghal, naiiba pa rin ang kasalukuyang pag-aaral sa mga naunang literatura dahil sa pagkakaiba ng mga kalahok, instrumentong ginamit, saklaw ng pag-aaral, at lugar na pinagsasagawaan ng pananaliksik.

Nakaangkla ang pananaliksik na ito sa Performance Theory nina Richard Schechner at William Beeman (1993) bilang pangunahing teoretikal na balangkas sa pagsusuri ng mga awitin at sayaw ng Omega de Salonera. Sa pamamagitan ng teoryang ito, mauunawaan hindi lamang ang artistikong katangian ng kanilang pagtatanghal kundi maging ang papel nito sa pagbibigay-buhay sa pagkakakilanlan, pagkakaisa, at panlipunang dinamika ng kanilang komunidad. Sa pananaw na ito, ang pagtatanghal ay isang ritwal na kilos na nagtataglay ng kahulugan, intensyon, at koneksyon sa kultura at lipunan ng mga tagapagtanghal at tagapanood. Hindi lamang ito teknikal na gawain kundi isang malikhaing paraan ng pagpapahayag ng damdamin, kasaysayan, at relasyong panlipunan sa pamamagitan ng kilos, tunog, at pagganap.

Sa pagsusuri ng mga awiting itinatanghal ng Omega de Salonera, gagamitin ang mga konsepto nina Balbada at Largo (2021) tulad ng paksa at tema, simbolismo at pagpapakahulugan, at kultural na ugnayan upang matukoy ang mga mensaheng nakapaloob sa mga awitin at ang koneksyon nito sa mga kaugalian, tradisyon, at kasaysayan ng lipunang Pilipino. Susuriin din ang mga katangiang kultural na makikita sa mga sayaw ng grupo batay sa konsepto nina Cagulada at Bulilawa (2024), kabilang ang klasipikasyon ng sayaw,

simbolismo ng kasuotan at kagamitan, mga hakbang ng sayaw, at mga pagpapahalagang maaaring matutunan sa bawat pagtatanghal. Matapos ang masinop na pagsusuri ng mga datos, inaasahang makalilikha ang mananaliksik ng promotional video, pamphlets, at brochure bilang awput ng pag-aaral na magsisilbing lunsaran sa pagpapaunlad at pagpapanatili ng kulturang taglay ng Omega de Salonera sa munisipalidad ng Socorro, Surigao del Norte.

## PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Layunin ng pananaliksik na ito na masuri at maidokumento ang kultura ng sayaw at awitin ng Omega de Salonera sa Kapihan, Soccorro, Surigao del Norte.

Sinisikap din ng pananaliksik na ito na sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ano ang mga awitin at sayaw na itinatanghal ng Omega de Salonera?
2. Ano ano ang mga elementong makikita sa mga awitin ng Omega de Salonera batay sa paksa at tema, simbolismo at pagpapakahulugan, at ugnayang kultural?
3. Ano ano ang mga katangiang kultural na makikita sa mga sayaw ng Omega de Salonera batay sa klasipikasyon ng sayaw, hakbang ng sayaw, at simbolismo ng kasuotan at kagamitan?
4. Anong awput ang mabubuong panukala bilang lunsaran sa pagpapaigting ng kultural na identidad ng Omega de Salonera sa Kapihan, Soccorro, Surigao del Norte?

## METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga pamamaraang ginamit sa pag-aaral upang matiyak ang sistematiko at masusing pangangalap, pagsusuri, at interpretasyon ng mga datos kaugnay sa kultura ng sayaw at awitin ng Omega de Salonera sa Kapihan, Socorro, Surigao del Norte. Tinalakay sa bahaging ito ang disenyo ng pananaliksik, kaligiran ng pag-aaral, pagpili ng mga tagatugon, instrumentong ginamit, paraan ng pangangalap ng datos, mga konsiderasyong etikal, at mga pamamaraang ginamit sa pagsusuri ng mga nakalap na datos upang maging ganap na angkop ang metodolohikal na proseso sa layunin ng pananaliksik.

Ang pag aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibo at desinyong deskriptibo upang masuri at mailarawan ang kultura ng sayaw at awitin na mayroon ang Omega de Salonera sa Kapihan, Socorro, Surigao del Norte. Ginamit din ng mananaliksik ang community based na pagdulog batay sa epekto ng kultura at interaksiyong wika ni Wardhaugh, R. (2006) sa kanyang paniniwala na ang wika ay impluwensiya ng lipunang kinabibilangan kaugnay sa pagsisiyasat ng mga relasyon sa pagitan ng wika at lipunan ni Labov, M. (1966), isang Amerikanong lingwista, hinggil sa kung paano gumalaw ang wika sa bigkas ng isang komunidad. Sa pamamagitan ng disenyong ito, naging angkop ang pamamaraan sa masusing pag unawa sa mga karanasan, pagpapakahulugan, at pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa mga awitin at sayaw ng Omega de Salonera.

Ang bayan ng Socorro ay isang progresibong komunidad na matatagpuan sa isla ng Bucas Grande, isang bahagi ng lalawigan ng Surigao del Norte sa rehiyon ng Caraga, Mindanao. Kilala ang bayan ng Socorro hindi lamang dahil sa likas na kagandahan ng mga isla nito, tulad ng mga tanyag na tanawin sa Sohoton Cove, kundi pati na rin sa masaganang kasaysayan at kultura na patuloy na nagbibigay ng malalim na identidad sa mga mamamayan nito. Ang Socorro ay binubuo ng mga rural na barangay na karamihan ay umaasa sa agrikultura at pangingisda bilang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan. Bagaman ito ay isang munisipalidad na malayo sa mga urbanong sentro, ang bayan ay patuloy na umuunlad sa pamamagitan ng turismo na dulot ng mga natural na atraksyon sa lugar. Isa sa mga tanyag na

destinasyon ay ang Sohoton Cove na dinarayo ng mga lokal at banyagang turista dahil sa natatanging likas na yaman ng lugar tulad ng mga kuweba, lagoon, at mala kristal na tubig. Ang Sitio Kapihan ay isang komunidad na matatagpuan sa Barangay Sering, Socorro, sa Isla ng Bucas Grande, Surigao del Norte. Kilala ang lugar bilang tahanan ng Omega de Salonera, isang grupo ng mga mananayaw at mang awit na konektado sa Socorro Bayanihan Services Incorporated (SBSI). Ang komunidad na ito ay may natatanging kultura at pamumuhay na nakaugat sa kanilang mga tradisyon. Ang Sitio Kapihan at ang Omega de Salonera ay may malalim na koneksyon na bumubuo sa isang natatanging kultura ng pagbabayanihan at pamumuhay. Sa kabila ng mga hamon, patuloy nilang pinapanday ang landas tungo sa mas maliwanag na kinabukasan habang pinangangalagaan ang kanilang identidad bilang isang komunidad at nag aambag sa mas malawak na konteksto ng sining at kultura sa Pilipinas.

Ang mga tagatugon sa pag aaral ay pinili batay sa mga itinakdang pamantayan upang matiyak na sila ay may sapat na kaalaman at karanasan kaugnay sa kultura ng Omega de Salonera. Kabilang sa mga pamantayan ang pagkakaroon ng tiyak na hanay ng edad mula 20 hanggang 80 taong gulang upang matiyak na ang mga kalahok ay nasa loob ng demograpikong layunin ng pag aaral at makapagbibigay ng kaugnay na pananaw hinggil sa kultura at mga karanasan sa loob ng komunidad ng Omega de Salonera. Kinakailangan ding magkaroon ng direktang karanasan o pakikilahok ang mga kalahok sa Omega de Salonera o sa mga katulad na kultural na organisasyon. Kabilang dito ang mga tagapagsanay o choreographers dahil sila ang nagtuturo ng mga sayaw at lubos na nakaaunawa sa ipinapahiwatig ng bawat galaw at indayog ng musika sa bawat pagtatanghal. Kabilang din ang mga mananayaw o nagtatanghal sapagkat sila ang nagsasabuhay sa mga sayaw at nagbibigay kulay sa kulturang taglay ng samahan. Isinama rin ang mga manunulat o song writer dahil sila ang lumikha ng mga awiting itinatanghal ng samahan na nagsisilbing lunsaran sa paglalahad ng kulturang mayroon ang Omega de Salonera. Kabilang din sa mga kalahok ang mga opisyales ng samahan sapagkat sila ay may malalim na pag unawa sa mga kultural na gawi at pagpapahalaga ng grupo. Kinakailangan ding maging handa ang mga kalahok na makilahok sa proseso ng pananaliksik na maaaring magsama ng mga interbyu at talakayan sa grupo. Sa pagpili ng mga kalahok, ginamit ang Purposive Sampling upang masiguro na ang mga tagatugon ay may sapat na kaalaman at may partikular na mga karanasan o pananaw na makapagbibigay ng mahalagang kontribusyon sa pag unawa sa kulturang mayroon ang Omega de Salonera sa Kapihan, Socorro, Surigao del Norte.

Ang instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito ay Eliciting Material na nagsilbing pangunahing instrumento sa pangongolekta ng datos. Sa pamamagitan nito, sistematikong nakalap ang mga impormasyon at opinyon ng mga respondente hinggil sa suliraning tinatalakay sa pag aaral. Ang mga nakuhang datos ay pinagsama sama at sinuri upang matukoy ang mahahalagang pananaw ng mga kalahok kaugnay sa kultura ng sayaw at awitin ng Omega de Salonera.

Isang buwan ang inilaan ng mananaliksik sa pangangalap ng datos upang matiyak ang maayos at organisadong proseso ng fieldwork. Nagsagawa ang mananaliksik ng sistematikong hakbang upang maging maayos ang pangongolekta ng datos. Unang isinagawa ang paghingi ng pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat ng liham sa Munisipalidad ng Socorro na sakop ng pag aaral upang humingi ng pahintulot para sa pangangalap ng datos. Ipinaliwanag din ng mananaliksik ang layunin ng pag aaral at ang mga krayterya sa pagpili ng mga impormante. Matapos nito ay isinagawa ang mga panayam o interview sa mga miyembro ng Omega de Salonera sa Sitio Kapihan. Gumamit din ng audio recording na may pahintulot ng magulang upang matiyak ang eksaktong dokumentasyon ng mga impormasyon. Isinagawa rin ang pagmamasid o observation sa Sitio Kapihan upang maobserbahan ang mga aktibidad, interaksyon, at mga kultural na ekspresyon na nagaganap sa lugar. Bukod dito, nagsagawa rin ng pagsusuri ng mga dokumento tulad ng mga bidyo ng pagtatanghal at iba pang

mapagkukunan ng impormasyon para sa masusing pagsusuri ng mga sayaw at awitin ng Omega de Salonera sa Sitio Kapihan.

Sa pagsasagawa ng pag aaral, isinasaalang alang ng mananaliksik ang mga prinsipyong etikal upang maprotektahan ang kapakanan at karapatan ng mga kalahok. Wastong nakakuha ng pahintulot ang mananaliksik mula sa mga awtoridad sa pamamagitan ng sulatang komunikasyon bago isinagawa ang pag aaral. Sa pagbuo ng mga materyales ng interbensyon na ginamit sa pag aaral, iniwasan ang paggamit ng mapang api, diskriminatibo, o iba pang di katanggap tanggap na wika. Hindi isinama sa pag aaral ang mga pangalan ng mga respondente at iba pang personal na datos upang mapanatili ang kanilang pribadong pagkakakilanlan. Boluntaryo rin ang partisipasyon ng mga respondente sa pag aaral. Isinagawa rin ang oryentasyon para sa mga tagatugon kasama ang kanilang mga magulang upang maipaliwanag ang layunin at proseso ng pananaliksik. Sa oryentasyon, tinugunan ang mga isyu at alalahanin ng mga kalahok at nilagdaan ang pahintulot upang maisama sa pag aaral ang mga mag aaral. Pinanatili rin ng mananaliksik ang pagiging obhetibo sa pagsusuri at pagtalakay ng mga resulta. Ang lahat ng mga may akda na binanggit sa pag aaral ay wastong ginamit at kinilala sa sanggunian.

Ang mga nakalap na datos ay sinuri upang mapadali ang pagtataya at interpretasyon ng mga impormasyong nakalap mula sa mga kalahok. Ginamit ang Content Analysis upang masuri ang estrukturang nilalaman ng mga awitin at sayaw na itinatanghal ng Omega de Salonera. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, natukoy at nasuri ang mahahalagang elementong kultural na nakapaloob sa mga awitin at sayaw bilang batayan sa mas malalim na pag unawa sa identidad at kulturang isinasabuhay ng komunidad ng Omega de Salonera sa Kapihan, Socorro, Surigao del Norte.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga nakalap na datos, pagsusuri, at interpretasyon batay sa mga layunin ng pag-aaral hinggil sa mga awitin at sayaw na itinatanghal ng Omega De Salonera bilang salamin ng pananampalataya, pagpapahalagang kultural, pagkakaisa, at pagkakakilanlang panlipunan ng komunidad. Ang pagsusuri ay nakabatay sa kwalitatibong pagdulog sa pag-aaral kung saan sinuri ang mga piling awitin at sayaw bilang mahahalagang tekstong pangkultura na naglalaman ng simbolismo, pagpapahalaga, at kolektibong karanasan ng komunidad. Ang interpretasyon ng mga datos ay isinagawa sa pamamagitan ng masusing pag-aanalisa sa nilalaman, tema, at mensaheng nakapaloob sa bawat pagtatanghal upang malinaw na maipakita kung paano nagsisilbing daluyan ng identidad, pananampalataya, at panlipunang kamalayan ang mga awitin at sayaw ng Omega De Salonera. Ang talakayan ay ganap na nakaugat sa mga nakalap na datos at binibigyang-kahulugan kaugnay ng mga layunin ng pananaliksik upang maipakita ang kahalagahan ng kanilang sining sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng kulturang Pilipino.

Ang pagsusuri sa mga awiting itinatanghal ng Omega De Salonera ay nagpapakita na ang kanilang mga komposisyon ay may malalim na ugnayan sa mga pagpapahalagang espiritwal, emosyonal, at panlipunan ng komunidad. Ang mga awitin ay nahahati sa tatlong pangunahing tema na kinabibilangan ng pananampalataya at pag-asa, Pasko, at relasyon at pagkakaisa. Sa ilalim ng temang pananampalataya at pag-asa, ang awiting "Buhata" ay nagsisilbing isang panawagan tungo sa aktibong pananampalataya at pagsisikap upang makamit ang kaluwalhatian. Ang paggamit ng metapora na "ang bukid patagin ang patag bukiran" ay nagpapakita ng konsepto ng pagdadalisay ng sarili at pagtitiyaga bilang paghahanda tungo sa espiritwal na katuparan. Ipinahihiwatig nito na ang pananampalataya ay

hindi lamang nakabatay sa paniniwala kundi nangangailangan din ng konkretong pagkilos at sakripisyo upang marating ang inaasam na kaligtasan. Sa ganitong pananaw, lumilitaw ang awit bilang isang instrumentong moral at espiritwal na gumagabay sa komunidad tungo sa kolektibong pag-asa at kabanalan.

Kaugnay nito, ang awiting "Ikaw" ay nagpapakita ng mas personal at masidhing pagpapahayag ng debosyon at pananampalataya. Inilalarawan nito ang isang banal na pigura na bumaba mula sa langit, nagdusa, at nagligtas sa sangkatauhan. Ang paglalarawan sa pigurang ito bilang lakas, pag-asa, at dahilan ng buhay ay nagpapahiwatig ng malalim na relihiyosong kamalayan at pagkilala sa kapangyarihan ng sakripisyo bilang pundasyon ng kaligtasan. Sa pamamagitan ng awit, naipapakita ang pananaw ng komunidad hinggil sa kahalagahan ng pagtitiwala sa isang dakilang tagapagligtas na nagbibigay saysay sa buhay ng tao at nag-aalis ng kasalanan. Samantala, ang "Pag-asa" ay isang awit ng pasasalamat at pagkilala sa walang hanggang pag-ibig ng Panginoon. Ang mensahe nito tungkol sa pagliligtas mula sa impiyerno at pag-asam na makasama sa kaharian ng langit ay nagpapakita ng matibay na pagnanais ng tao para sa espiritwal na kapayapaan at eternal na kaligtasan. Sa kabuuan, ang mga awiting kabilang sa temang ito ay nagtatampok ng malalim na relihiyosong sensibilidad at nagsisilbing daluyan ng kolektibong pag-asa at inspirasyon ng komunidad.

Sa kabilang banda, ang awiting "Himala ng Pasko" ay nagpapalawak sa konsepto ng pag-asa sa loob ng konteksto ng pagdiriwang ng Pasko. Ang mensahe nito hinggil sa pagbangon mula sa kalungkutan at pagsubok ay nagpapakita ng pananaw na ang Pasko ay hindi lamang isang tradisyunal na pagdiriwang kundi isang simbolo ng muling pagsilang ng pag-asa at pagmamahalan. Ang pahayag tungkol sa "liwanag at hiwaga Niya" ay nagpapahiwatig ng espiritwal na kapangyarihang nagdudulot ng pagbabago at kaginhawahan sa gitna ng mga suliranin. Sa pamamagitan ng awit, nailalarawan ang Pasko bilang isang panahon ng pagkakaisa, pagpapatawad, at panibagong pag-asa na nagbibigay lakas sa komunidad upang magpatuloy sa kabila ng mga hamon sa buhay. Ang ganitong mensahe ay nagpapakita ng mahalagang papel ng musika bilang kasangkapan ng emosyonal at panlipunang pagbubuklod.

Lumilitaw din sa pagsusuri ang kahalagahan ng ugnayang pantao sa pamamagitan ng mga awiting "Magkasama Tayo" at "Bakit Ngayon Pa." Ang "Magkasama Tayo" ay nagpapahayag ng kahalagahan ng pagkakaisa at pagtutulungan sa gitna ng mga pagsubok. Ang konsepto ng "iisang puso" ay sumasagisag sa kolektibong lakas ng komunidad at sa paniniwalang ang pagtitiwala at pagmamahalan ay nagiging susi sa pagbangon mula sa kahirapan at kalungkutan. Ang mensahe nito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagkakaisa bilang pundasyon ng katatagan at pagbabago. Sa kabilang dako, ang "Bakit Ngayon Pa" ay tumatalakay sa masalimuot na emosyon ng pag-ibig, panghihinayang, at pagkadismaya. Ang tema ng pagbabalik ng minamahal sa panahong nakalimutan na siya ng puso ng nagsasalita ay nagpapakita ng realidad ng hindi tamang panahon sa relasyon at ng emosyonal na sugat na dulot ng pagkawala at paglayo. Ang awit ay sumasalamin sa karaniwang karanasan ng tao hinggil sa pag-ibig at paghihiwalay, na nagiging dahilan upang maging malapit at makahulugan ito sa mga tagapakinig. Sa kabuuan, ang mga awitin ng Omega De Salonera ay hindi lamang simpleng pagtatanghal kundi mga artistikong ekspresyon ng pananampalataya, pag-asa, pagkakaisa, at emosyonal na karanasan ng tao na nagpapalalim sa kamalayang kultural ng komunidad.

Ang pagsusuri naman sa mga sayaw na itinatanghal ng Omega De Salonera ay nagpapakita na ang kanilang mga pagtatanghal ay nagsisilbing mahalagang mekanismo sa pagpapanatili, pagpapahayag, at pagpapalaganap ng kulturang Pilipino. Ang mga sayaw ay nagpapakita ng tatlong pangunahing temang kinabibilangan ng pundasyon ng komunidad, pagsamba sa kalikasan at biyaya, at pagpapakita ng kakayahang pandaigdigan ng kulturang Pilipino. Ang "Hinabangay Dance" ay malinaw na sumasalamin sa diwa ng Bayanihan bilang sentral na pagpapahalagang Pilipino. Ang paglalarawan nito sa pagkakaisa ng mga kamay at

puso ay nagpapakita ng kolektibong kamalayan at pagtutulungan bilang pundasyon ng matatag na komunidad. Bilang isang buhay na cultural dance, pinatutunayan nito na nananatiling makabuluhan at umiiral ang diwa ng Bayanihan sa kasalukuyang panahon. Ang sayaw ay nagsisilbing paalala na ang tunay na lakas ng isang pamayanan ay nakaugat sa kooperasyon at sama-samang pagkilos ng mga mamamayan.

Samantala, ang "Grasya" ay nagpapakita ng malalim na paggalang sa kalikasan at sa biyayang dulot nito sa tao. Ang paglalarawan sa hinog na butil, umaagos na ilog, at namumukadkad na talulot ay nagpapahiwatig ng masaganang ugnayan ng tao at kalikasan. Ang bawat galaw sa sayaw ay nagiging simbolikong representasyon ng pasasalamat ng komunidad para sa mga biyayang natatanggap nila mula sa kapaligiran. Higit pa rito, ipinakikita ng sayaw na ang kalikasan ay hindi lamang pinagmumulan ng kabuhayan kundi isang sagradong puwersa na nagbibigay-buhay at nagpapatatag sa espiritu ng tao. Sa ganitong pananaw, ang sayaw ay nagiging ritwalistikong pagpapahayag ng pagkilala at pagpapahalaga sa walang hanggang siklo ng pagbibigay at pagtanggap ng biyaya.

Ang "Kadenang Solar" naman ay nagsisilbing malikhaing representasyon ng pag-ibig at katapatan na nananatiling matatag sa paglipas ng panahon. Ang paggamit ng malalambot at makabagong galaw ay nagpapakita ng emosyonal na lalim at artistikong sensibilidad ng pagtatanghal. Ang simbolismo ng araw bilang pinagmumulan ng init at liwanag ay nagpapahiwatig ng katatagan at walang humpay na pag-iral ng pag-ibig sa kabila ng mga pagsubok. Sa pamamagitan ng sayaw, naipapakita na ang pag-ibig ay isang puwersang nagbibigay pag-asa at lakas sa tao upang magpatuloy sa gitna ng mga hamon ng buhay. Ang artistikong presentasyon nito ay nagpapakita ng kakayahan ng Omega De Salonera na pagsamahin ang tradisyunal at makabagong elemento ng sining upang makabuo ng makabuluhang pagtatanghal.

Sa huli, ang "Daegu Cultural Ensemble" ay nagsisilbing makapangyarihang representasyon ng tagumpay ng Omega De Salonera sa pandaigdigang entablado. Ang pagtatanghal na ito ay hindi lamang paggunita sa kanilang partisipasyon sa Daegu Powerful Festival 2023 sa South Korea kundi isang patunay ng kakayahan ng kulturang Pilipino na makilala at pahalagahan sa iba't ibang panig ng mundo. Ang pagtatanghal ay nagpapakita ng katatagan, pagkakaisa, at malikhaing diwa ng mga Pilipino habang ipinapahayag ang pamana ni Inang Lauriana Solar sa pandaigdigang antas. Sa pamamagitan nito, naipapakita na ang lokal na kultura ay may kakayahang maging instrumento ng cultural diplomacy at pambansang identidad. Ang tagumpay ng ensemble ay nagpapakita na ang sining ng Omega De Salonera ay hindi lamang nakatuon sa lokal na komunidad kundi may kakayahang maging daluyan ng pandaigdigang pagkilala sa husay at yaman ng kulturang Pilipino.

Sa kabuuan, ang mga awitin at sayaw ng Omega De Salonera ay bumubuo ng isang komprehensibong programang pangkultura na nagpapakita ng matibay na ugnayan ng pananampalataya, pag-asa, pagkakaisa, kalikasan, at pambansang identidad. Ang kanilang mga pagtatanghal ay nagsisilbing buhay na salamin ng kolektibong kamalayan at pagpapahalaga ng komunidad, habang pinananatili at ipinapasa sa susunod na henerasyon ang mga tradisyon at pagpapahalagang Pilipino. Sa pamamagitan ng kanilang musika at sayaw, malinaw na naipapakita ang kahalagahan ng sining bilang instrumento ng paghubog ng identidad, pagpapalalim ng kamalayang kultural, at pagpapatatag ng pagkakaisa sa gitna ng mga hamon ng makabagong panahon.Ang pagsusuri sa mga awitin ng Omega De Salonera batay sa paksa at tema ay nagpapakita na ang kanilang musika ay nagsisilbing makapangyarihang cultural artifact na hindi lamang nagbibigay aliw kundi nagpapalaganap din ng ideolohiya, nagpapalakas ng panlipunang pagpapahalaga, at humuhubog sa kolektibong identidad ng grupo. Sa pagsusuri ng mga liriko, lumilitaw na ang mga awitin ay nagtataglay ng mga

embedded texts na nagpapaliwanag kung paano ginagamit ang mga tema ng pagsusumikap, pag-asa, at sakripisyo upang mapanatili ang kolektibong cohesion at katapatan ng mga kasapi. Sa ganitong konteksto, ang musika ng Omega De Salonera ay hindi lamang maituturing na anyo ng sining kundi isang daluyan ng paniniwala, pagpapahalaga, at panlipunang paghubog.

Ang awiting "Buhata" ay nakasentro sa panawagan sa bawat "igsoon" o kapatid na magsikap, huwag mag-atubili, at tuparin ang kanilang mga pangarap upang makamtan ang "paraiso" o pinakamataas na gantimpala na inihanda ng Diyos. Ang temang pagsusumikap at paninindigan ay malinaw na makikita sa lirikong "Busa wagtanga, ang pagduha-duha / Ang tanan ipakasayon aron maangkon," kung saan hinihikayat ang tagapakinig na iwaksi ang "pagduha-duha" o alinlangan at buong lakas na gawin ang kinakailangang hakbang tungo sa tagumpay. Ang temang tiyaga at pag-asa ay lalo pang pinatitibay sa linyang "Ayaw kawanga kung nangandoy ka / Tuman lang hantod makab-ot mo / Ang tam-is nga bunga," na nagbibigay diin sa pagpupunyagi dahil sa dulo ng pagsisikap ay naghihintay ang "tam-is nga bunga," isang metapora ng gantimpala. Sa ganitong pagbasa, ang pagsusumikap ay iniangat mula sa personal na etika tungo sa isang ideolohikal na panawagan na nag-uugnay sa paggawa, pananalig, at kaligtasan. Ang pagpapahalaga sa tiyaga at pagsusumikap ay umaayon sa mga pananaw sa Sikolohiyang Pilipino, partikular sa konteksto ng Pilipinas bilang collectivist culture, kung saan napatunayan nina Datu, Valdez, at King (2015) na ang perseverance of effort ay mas salient sa paghula ng well-being at academic engagement kaysa consistency of interests. Dahil dito, ang pangako ng "paraiso" at "tam-is nga bunga" ay nagiging makapangyarihang simbolikong mekanismo upang bigyang katwiran ang sakripisyo at patuloy na paglilingkod, na sa huli ay nagpapatibay sa istrukturang sosyo-ekonomiko at sentralisadong pamumuno ng grupo (King et al., 2012).

Ang awiting "Himala ng Pasko" ay umiikot naman sa paksa ng pagbabalik ng diwa ng Pasko sa gitna ng mga pagsubok at pasakit. Ang tema ng pag-asa at panunumbalik ay makikita sa linyang "Sa pag-asang hatid Niya sa atin, sama-sama nating malalampasan mga lungkot at lumbay, lahat ay lilipas din," gayundin sa chorus na "Darating din ang himala ng pasko / Magtiwala lang tayo oohh sa himala ng pasko." Ipinapakita ng mga linyang ito na sa kabila ng pasakit at luha, may katiyakan ng kaginhawaan at muling pagdiriwang kung mananatili ang pananampalataya. Ang tema ng pagbangon sa pagsubok ay lalo pang malinaw sa linyang "Maraming pagsubok na tayo'y sinubok… sa rehas ng kahapon" at sa pahayag na "Binaon man sa hamon, tayo ay babangon, at unti-unting magbabalik ligayang 'di na nasilayan." Sa mga linyang ito, kinikilala ang karaniwang pakikibaka ng tao sa nakaraan at ang determinasyong bumangon upang muling makaranas ng ligaya. Ang awit ay umaayon sa konsepto ng Filipino resilience o katatagan, na nakatuon sa kakayahang magtiis at bumangon mula sa adbersidad. Ayon kina Botor et al. (2018), ang hope o pag-asa ay isang pangunahing psychosocial variable na direktang nagtataya sa resilience. Sa ganitong pananaw, ang paggamit sa Pasko bilang cultural framing ay mahalaga sapagkat sa Pilipinas, ang mahabang panahon ng pagdiriwang ng Pasko ay nagsisilbing cultural buffer na nagpapalakas sa social connection at community rituals. Dahil dito, ang awit ay nagiging panloob na mekanismo ng kolektibong coping na nagpapatatag sa morale at social cohesion ng grupo.

Ang awiting "Ikaw" ay nakatuon sa paksa ng sakripisyo, pag-ibig, at kaligtasang ibinigay ni Hesus para sa sangkatauhan. Ang temang kaligtasan at sakripisyo ay malinaw na matatagpuan sa linyang "Giantos mo ang kasakit / Aron sa pagluwas kanamo," na nagpapakita ng pagdurusa ni Hesus bilang daan sa pagliligtas sa tao. Inilalarawan ng awit ang pagbaba mula sa langit, pagdurusa sa lupa, at pagdadala ng kasalanan upang mailigtas ang sangkatauhan. Sa ganitong paraan, ang awitin ay nagpapahiwatig ng kababaang loob, pag-ibig, at habag ng Diyos. Ang temang ito ay nakaangkla sa tradisyonal na Kristolohiyang Pilipino, kung saan ang sakripisyo at pagtubos ay sentral sa karanasan ng pananampalataya. Ayon kay Beltran (1987), ang Pilipinong Kristo ay pre-eminently ang Crucified One na nagbibigay ng konsolasyon at

fortitude o tibay ng loob sa mga deboto sa harap ng kahirapan. Ipinaliwanag din ni Asis (2013) na ang propitiatory Christology, kung saan ang sakripisyo ni Kristo ay humihingi ng pagpapakasakit, ay kadalasang fundamental sa karanasan ng pananampalataya ng masa. Sa ganitong pagbasa, ang "Ikaw" ay hindi lamang awit ng debosyon kundi isang theological groundwork na nagbibigay kahulugan sa pagdurusa, sakripisyo, at pagsunod bilang bahagi ng banal na plano ng kaligtasan.

Sa kabuuan ng tematikong pagsusuri, makikita na ang "Buhata," "Himala ng Pasko," at "Ikaw" ay bumubuo ng isang masalimuot na circular logic na nagpapatibay sa ideolohiya at social cohesion ng Omega De Salonera. Nagsisimula ang siklo sa "Buhata," kung saan ang indibidwal ay hinihikayat na kumilos, magsumikap, at magsakripisyo upang makamit ang gantimpalang inihanda ng Diyos. Ang kahulugan ng sakripisyong ito ay pinatitibay ng "Ikaw," na gumagamit ng propitiatory Christology upang ipaliwanag ang pagdurusa bilang daan sa kaligtasan at bilang batayan ng teolohikal na awtoridad ng pananampalataya. Kapag dumarating ang hamon at pagsubok, ang "Himala ng Pasko" ay nagbibigay ng emotional buffer at katiyakan ng pagbangon, kaya pinananatili ang pananalig, katatagan, at katapatan sa communal effort na hinihingi ng "Buhata." Sa ganitong paraan, ang mga awitin ay nagiging magkakaugnay na sistema ng kahulugan na gumagamit ng pagsusumikap, sakripisyo, at pag-asa upang hubugin ang pananampalataya at kolektibong pagkilos ng komunidad.

Samantala, ang pagsusuri sa mga awitin batay sa simbolismo ay nagpapakita ng masidhing teolohiya ng transformasyon at aksyon. Sa awiting "Buhata," ang mismong salitang "buhata" sa linyang "Higala buhata aron masalmot mo / Ang himaya nga gitanyag Niya sa makatuman" ay hindi lamang nangangahulugang "gawin," kundi sumasagisag sa lahat ng moral, espiritwal, at praktikal na pagkilos na kinakailangan upang makibahagi sa "himaya," isang simbolo ng banal na gantimpala. Ang utos na ito ay naglilipat sa mananampalataya mula sa pasibong pananaw tungo sa aktibong moral na ahensiya (Cruz & Reyes, 2019). Hindi ito simpleng paggawa lamang, kundi isang holistikong pagtugon sa banal na panawagan upang makamit ang "himaya," isang eskatolohikal na gantimpala na nakalaan para sa mga tumutupad at gumagawa (Santos, 2021). Sa parehong awit, ang linyang "Ang bukid pataga ang patag bukira" ay gumagamit ng simbolismo ng pag-aayos at pagpapantay ng lupa upang ilarawan ang paghahanda ng sarili, puso, at isipan bago dumating ang biyaya o pagsubok. Sa kontekstong pang-agrikultura, ang imahe ng pagpapantay at pagpapayabong ng lupa ay nagiging metapora ng espiritwal na disiplina at radikal na panloob na pagbabago mula sa kalituhan tungo sa kaayusan.

Ang simbolismong "paraiso" sa linyang "Nangandoy ka ba ug paraiso / Igsoon, adunay lawak nga giandam" ay nagpapahayag ng sukdulang kagalakan, kapayapaan, at gantimpalang inihanda ng Maykapal para sa mga tapat at masipag na sumusunod. Ang "paraiso" ay nagsisilbing pangunahing simbolo ng kaganapan ng pag-asa at kaligtasan. Kaugnay nito, sa awiting "Himala ng Pasko," ang "rehas ng kahapon" sa linyang "Mga puso'y nakakulong man sa rehas ng kahapon" ay sumasagisag sa mga alaala, pagkakamali, o trahedya ng nakaraan na pumipigil sa tao na ganap na makakilos sa kasalukuyan at hinaharap. Ang simbolong ito ay nagpapahiwatig ng mga sikolohikal at espiritwal na tanikala na dulot ng kasalanan, sugat, at nakaraang karanasan (Garcia, 2018). Samantala, ang "mga tala" sa linyang "Magniningning muli ang mga tala / na may liwanag na dala galing sa Kaniya" ay nagsisilbing simbolo ng ilaw at gabay, tulad ng Tala sa Belen, na nagbibigay ng direksiyon at pag-asa sa gitna ng madilim na landas ng buhay (Del Rosario, 2017). Ang "yakap at ngiti" sa linyang "Magbabalik muli mga yakap at ngiti" ay nagpapahiwatig naman ng pagmamahalan, pagkakaibigan, at pagkakaisa bilang mga halagang muling pinatitibay ng diwa ng Pasko.

Sa awiting “Ikaw,” ang simbolismong “langit” at “lupa” sa linyang “Gikan didto sa langit… Mikunsad ka sa yuta” ay nagpapakita ng ugnayan ng kabanalan at kahinaan ng tao. Ang “langit” ay sumasagisag sa kadakilaan, kabanalan, at kawalang hanggan, samantalang ang “lupa” ay kumakatawan sa kahinaan, kakapusan, at makataong kalagayan. Ang pagbaba mula sa langit tungo sa lupa ay nagpapakita ng di-sukat na pag-ibig at inkarnasyon, kung saan ang banal ay lumalapit sa sangkatauhan upang magbigay ng kaligtasan. Ang simbolismong “dugo” sa linyang “Ikaw ang dugo” ay nakaugat sa Kristiyanong pananaw tungkol sa sakripisyo at buhay. Sa maraming tradisyong Kristiyano, ang dugo ay simbolo ng pagtubos, pag-aalay, at kapalit na buhay para sa kaligtasan ng makasalanan. Sa ganitong kahulugan, ang linyang ito ay sumasalamin sa sentral na doktrina ng sakripisyo at pagtubos (Teodoro, 2020). Samantala, ang “kusog” sa linyang “Ikaw ang kusog” ay nagsisilbing metapora ng espiritwal na kapangyarihan at lakas ng loob na ipinagkakaloob ng pananampalataya. Ipinapahiwatig nito na ang pananampalatayang nakaugat sa sakripisyo ni Kristo ang nagiging sandigan ng mananampalataya sa pagharap sa mga hamon ng buhay.

Sa kabuuan, ang simbolikong pagsusuri sa mga awitin ng Omega De Salonera ay nagpapakita na ang kanilang musika ay hindi lamang naglalaman ng emosyonal at estetikal na kahulugan, kundi nagsisilbi ring anyo ng teolohikal na katekismo na gumagabay sa tagapakinig tungo sa pananampalataya, moral na pagkilos, at espiritwal na pagbabago. Ang “buhata,” “bukid pataga ang patag bukira,” “paraiso,” “rehas ng kahapon,” “mga tala,” “yakap at ngiti,” “langit at lupa,” “dugo,” at “kusog” ay magkakaugnay na simbolong bumubuo sa isang sistema ng kahulugan tungkol sa pagkilos, paghahanda, pagtubos, pag-asa, at kaligtasan. Sa pamamagitan ng mga simbolismong ito, ang mga awitin ay nagiging daluyan ng pananampalatayang nakatuon hindi lamang sa paniniwala kundi sa aktibong pagsasabuhay ng sakripisyo, pagtitiis, pagkakaisa, at pag-asa.Ang pagsusuri sa mga awitin ng Omega De Salonera batay sa pagpapahalagang kultural ay nagpapakita na ang kanilang musika ay nagsisilbing mahalagang salamin ng mga pangunahing pagpapahalagang Pilipino sa loob ng pananampalatayang Kristiyano. Sa awiting “Buhata,” ang paggamit ng mga salitang “igsoon” at “higala” sa mga linyang “Igsoon, adunay lawak nga giandam” at “Higala buhata aron masalmot mo” ay nagpapahayag ng malalim na pagpapahalaga sa pagkakapatiran, pakikipagkapwa, at kolektibong paglalakbay tungo sa tagumpay. Sa kulturang Pilipino, ang ganitong pagtawag sa kapwa bilang kapatid at kaibigan ay hindi lamang tanda ng personal na ugnayan kundi pagpapalawak ng diwa ng bayanihan, kung saan ang espiritwal at panlipunang paglalakbay ay hindi isinasagawa nang mag-isa kundi bilang bahagi ng komunidad. Kaugnay nito, ang linyang “Ang himaya nga gitanyag Niya sa makatuman” ay nagpapakita ng paniniwala sa banal na gantimpala, kung saan ang pagsunod, pagsusumikap, at pananampalataya ay iniuugnay sa tiyak na biyayang nagmumula sa Diyos. Ang linyang “Tuman lang hantod makab-ot mo / Ang tam-is nga bunga” ay nagpapalalim pa sa pagpapahalaga sa tiyaga at pagpapakasipag, sapagkat ipinapahiwatig nito na ang gantimpala ay bunga ng patuloy na pagtupad at pagsisikap. Ang ganitong pananaw ay umaayon sa pambansang etika ng tiyaga at pagsusumikap, kung saan ang kasabihang “Kapag may tiyaga, may nilaga” ay nagiging higit pa sa praktikal na aral sa buhay dahil naikakabit ito sa Kristiyanong teolohiya ng paggawa at banal na gantimpala (Javier, 2017). Sa ganitong paraan, ang “Buhata” ay nagiging awit ng pagkilos, kapatiran, at pananampalatayang nakaugat sa kolektibong diwa ng Pilipino (Dela Cruz & Montejo, 2022).

Sa “Himala ng Pasko,” malinaw na naipapakita ang pagpapahalaga sa pananampalatayang Kristiyano, pagkakaisa, at bayanihan. Ang linyang “Salamat sa pag-ibig Niya, His love for the world will reign over all” ay nagpapahayag ng pasasalamat sa pag-ibig ni Kristo at pagkilala sa Kanyang pagmamahal bilang sentro ng diwa ng Pasko. Sa kontekstong Pilipino, ang Pasko ay hindi lamang relihiyosong pagdiriwang kundi isang panahon ng pagbabalik-loob, pagdadamayan, at muling pagpapatibay ng ugnayan sa kapwa. Ang mga

**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

linyang "sama-sama nating malalampasan" at "andito tayo buong-buo ikaw at ako" ay nagpapakita ng kahalagahan ng kolektibong pagtutulungan at pagdiriwang. Ang mga salitang "sama-sama" at "buong-buo" ay sumasalamin sa kulturang Filipino na nagbibigay halaga sa pagdadamayan lalo na sa panahon ng pagsubok at kapaskuhan. Sa ganitong pagbasa, ang awit ay nagiging pahayag ng panlipunang pagkakaisa, kung saan ang pananampalataya kay Kristo ang nagsisilbing pundasyon ng pag-asa, katatagan, at komunidad (Ramos, 2019).

Sa awiting "Ikaw," ang pagpapahalagang kultural ay nakatuon sa pagpapakumbaba, paglilingkod, at pagkilala sa kataas-taasang Diyos. Ang linyang "Nag-antos ug nagpaka-ubos / Kabug-at nga imong gisapuay" ay nagpapakita ng birtud ng kababaang-loob at handang pag-aalay ng sarili para sa kapakanan ng iba. Sa kulturang Pilipino, ang pagpapakasakit para sa kapwa ay tinitingala bilang tanda ng pagmamahal, pananagutan, at espiritwal na kadakilaan. Ang ganitong pagpapahalaga ay direktang nakaugat sa imitasyon kay Kristo, kung saan ang pagdurusa at pagpapakumbaba ay nagiging huwaran ng paglilingkod (Malibiran-Salumbides, 2020). Samantala, ang pahayag na "Hari sa tanang hari" ay nagpapakita ng pagkilala sa soberanya ng Diyos bilang pinakamataas na awtoridad at pinagmumulan ng katarungan. Ito ay repleksiyon ng malalim na relihiyosidad ng lipunang Pilipino, kung saan ang Diyos ay kinikilala bilang sukdulang moral at espiritwal na sandigan. Sa kabuuan, ipinakikita ng "Ikaw" na ang pagpapakumbaba, paglilingkod, at pagkilala sa Diyos ay mahahalagang haligi ng pananampalatayang Pilipino.

Sa kabuuan ng pagsusuri sa pagpapahalagang kultural, makikita na ang mga awitin ng Omega De Salonera ay nagpapatibay sa etos na ang personal at kolektibong tagumpay, maging ito man ay sekular o espiritwal, ay hindi kailanman hiwalay sa pananampalataya, pakikipagkapwa, at pagkakaisa. Ang "Buhata" ay nagbibigay-diin sa kapatiran, tiyaga, at banal na gantimpala; ang "Himala ng Pasko" ay nagpapalakas sa pananampalatayang Kristiyano, bayanihan, at pagdadamayan; at ang "Ikaw" ay nagtatampok sa pagpapakumbaba, paglilingkod, at pagkilala sa Diyos bilang pinakamataas na awtoridad. Sa ganitong paraan, ang mga awitin ay hindi lamang nagpapahayag ng damdamin at debosyon kundi nagsisilbing daluyan ng mga halagahang kultural na nagpapatibay sa identidad, pagkakaisa, at moral na direksiyon ng komunidad.

Sa pagsusuri naman sa mga katangiang kultural na makikita sa mga sayaw ng Omega De Salonera batay sa klasipikasyon ng sayaw, lumilitaw na ang bawat pagtatanghal ay nagsisilbing masining na salamin ng paniniwala, pagpapahalaga, at kolektibong pagkakakilanlan ng kanilang komunidad. Ang mga sayaw, maging pangkultural man o kontemporaryo, ay hindi lamang binubuo ng magkakaugnay na galaw kundi nagsisilbing buhay na pagpapahayag ng pamanang kultural ng bayan (Cagulada & Bulilawa, 2024). Sa ganitong pananaw, ang sayaw ay nagiging isang anyo ng dokumentasyong kultural na naghahatid ng kasaysayan, damdamin, at identidad sa pamamagitan ng katawan, galaw, musika, at pagtatanghal.

Ang "Hinabangay Dance" ay isang pangkulturang sayaw na maituturing na walang hanggang pagpupugay sa diwa ng bayanihan. Sa pagtatanghal na ito, ang pagkakaisa ng kamay at puso ng komunidad ay sumasagisag sa sama-samang pagkilos at pagtutulungan bilang pinagmumulan ng lakas ng pamayanan. Bilang buhay na tradisyon, ipinapaalala ng "Hinabangay Dance" na ang tunay na katatagan ng isang komunidad ay hindi lamang nakasalalay sa indibidwal na kakayahan kundi sa kolektibong pagkilos at pagkakapit-bisig. Ang ganitong pagpapahalaga ay malalim na nakaugat sa kulturang Pilipino, kung saan ang bayanihan ay nananatiling mahalagang mekanismo ng panlipunang pagkakaisa, pagtutulungan, at pagpapanatili ng komunidad.

Kaugnay nito, ang "Grasya" ay isa ring pangkulturang sayaw na nagpapahayag ng pasasalamat sa umaapaw na kasaganaan ng kalikasan. Ang paglalarawan sa kaluskos ng hinog na mga butil, kislap ng umaagos na mga ilog, at pamumukadkad ng di-mabilang na mga talulot na hinahalikan ng araw ay nagpapakita ng malalim na ugnayan ng tao, kabuhayan, at kapaligiran. Ang bawat kumpas at galaw ay nagsasalaysay ng dasal ng magsasaka sa bukang-liwayway, tawag ng mangingisda sa dagat, at tawanan ng mga bata sa ilalim ng mga punong-bunga. Sa ganitong pagbasa, ang "Grasya" ay hindi lamang pagtatanghal kundi ritwal ng pasasalamat sa walang hanggang siklo ng pagbibigay at pagtanggap. Ang sayaw ay sumasalamin sa mga karaniwang inspirasyon ng maraming sayaw sa Pilipinas na nagmumula sa mga gawaing pangkabuhayan tulad ng pagsasaka at pangingisda, at nagsisilbing pagdiriwang ng masaganang ani at biyaya ng kalikasan (Cagulada & Bulilawa, 2024). Bilang malikhaing sagisag ng kasaganaan ng kultura, pinatitibay nito ang pagkakakilanlan ng mga Pilipino bilang pamayanang marunong magpasalamat, kumilala sa kalikasan, at ipagdiwang ang biyayang bumubuhay sa kanila (Flores et al., 2016).

Ang "Daegu Cultural Ensemble" ay nagpapakita naman ng pangkulturang sayaw bilang instrumento ng pandaigdigang pagpapakilala ng identidad at pamana. Ang pagtatanghal ay isang pagbabalik-tanaw sa taong 2023 nang buong-pagmamalaking ipinanalo ng Omega De Salonera ang Daegu Powerful Festival sa South Korea. Higit pa ito sa isang tagumpay sa entablado sapagkat isa itong pangkulturang pamamayagpag na nagdala ng tinig ng mga ninuno, sining ng mga nauna, at hindi matinag na diwa ng mga Salonera sa pandaigdigang espasyo. Sa pagtatanghal na ito, ang mga kasapi ng ensemble ay hindi lamang gumanap bilang mga mananayaw kundi bilang tagapagdala ng kultura na nag-uugnay sa pamana at modernidad. Ang kanilang tagumpay ay naging buhay na patunay na ang pamana na itinatag ni Inang Lauriana Solar, ang Inang Bayan ng mga Salonera, noong isang siglo na ang nakalipas ay patuloy na sumisigla, umaalingawngaw sa mga henerasyon, at umaabot sa iba't ibang bansa. Ang paggunita sa tagumpay na ito ay nangangahulugan ng pagpaparangal sa nakaraan, pagdiriwang sa kasalukuyan, at pagbibigay-inspirasyon sa kinabukasan ng kanilang paglalakbay pangkultura. Sa ganitong pananaw, sinusuportahan ng pagtatanghal ang ideya na ang pagpapanatili ng pamanang kultural at pagpapalakas sa papel ng kabataan ay mahalagang paraan upang maipasa ang kultura sa mga susunod na henerasyon (Cagulada & Bulilawa, 2024; Waluyo & Wahyuni, 2023).

Sa kabilang banda, ang "Kadenang Solar" bilang kontemporaryong sayaw ay nagpapakita na ang makabagong anyo ng pagtatanghal ay maaari pa ring maglaman ng malalim na kultural na naratibo. Ang sayaw ay naglalahad ng kuwento ng tanikalang pag-ibig na nananatili sa pamamagitan ng napakalambot at makabagong mga galaw. Ang paghahambing sa pag-ibig sa araw na sumisikat araw-araw, walang humpay at walang hanggan, ay nagpapakita ng pag-ibig at katapatan bilang mga puwersang nagbibigay liwanag, init, at pag-asa sa buhay sa kabila ng mga pagsubok. Bagama't kontemporaryo ang galaw at anyo ng pagtatanghal, nananatili itong nakaugat sa pagpapahalagang kultural na nagbibigay halaga sa katapatan, ugnayan, at hindi matitinag na pagmamahal. Ang ganitong pagbasa ay umaayon sa pananaw na upang lubos na maunawaan ang isang sayaw, kailangang isapuso ng mananayaw ang kasaysayan at emosyon sa likod nito upang maiparating nang mabisa ang mensahe sa mga manonood (Cagulada & Bulilawa, 2024).

Sa kabuuan, ang mga sayaw ng Omega De Salonera, mula sa pangkultural hanggang sa kontemporaryong pagtatanghal, ay bumubuo ng isang masalimuot na tapiserya ng kultura na nagdodokumento sa kanilang kasaysayan, pagpapahalaga, at pagkakakilanlan (Cagulada & Bulilawa, 2024). Ang "Hinabangay Dance" ay nagpapahayag ng bayanihan at pagkakaisa; ang "Grasya" ay nagtatanghal ng pasasalamat sa kalikasan at kasaganaan; ang "Daegu Cultural Ensemble" ay nagpapatunay sa pandaigdigang abot ng kanilang pamana; at ang "Kadenang Solar" ay nagpapakita ng kakayahan ng kontemporaryong sayaw na magdala ng malalim na

kuwento ng pag-ibig, katapatan, at pag-asa. Sa ganitong paraan, pinatutunayan ng mga pagtatanghal na ang sayaw ay isang dinamikong sining na patuloy na nagbabago habang nananatiling tapat sa pinag-ugatan ng kultura at kolektibong identidad ng komunidad.Ang pagsusuri sa mga katangiang kultural na makikita sa mga sayaw ng Omega De Salonera batay sa hakbang ng sayaw ay nagpapakita na ang bawat galaw, indayog, at kumpas ay hindi lamang pisikal na ekspresyon kundi naratibong pangkultura na naglalahad ng pang-araw-araw na pamumuhay, pananampalataya, pakikipagkapwa, at kolektibong identidad ng komunidad. Sa ganitong pananaw, ang sayaw ay nagsisilbing daluyan ng pagkakakilanlan at pagpapahalaga, sapagkat sa pamamagitan ng katawan at galaw, naisasalin ang mga karanasan ng pagkakaisa, pagpapahalaga sa kalikasan, debosyon, pag-ibig, at pagsasakripisyo. Ang ganitong tungkulin ng sayaw bilang paraan ng pagpapahayag ng kolektibong identidad ay umaayon sa pananaw nina Cagulada at Bulilawa (2024) na ang sayaw ay mahalagang daluyan ng pagkakakilanlan ng isang komunidad.

Sa "Hinabangay Dance," ang mga hakbang ay malinaw na nakaugat sa konsepto ng pagtulong-tulong at bayanihan. Ang hakbang ng kolektibong paggalaw, kung saan ang mga mananayaw ay sabay-sabay na gumagalaw patungo sa iisang direksiyon, ay sumasagisag sa pagbubuhat o pagtutulak ng isang bagay nang magkakasama. Ipinapakita nito na ang lakas ng komunidad ay nagmumula sa sama-samang pagkilos at pagkakaisa ng puwersa. Kaugnay nito, ang hakbang ng pag-aangat at pagbaba, na binubuo ng ritmikong pagyuko at pagtindig o pag-indayog ng mga kamay paitaas at pababa, ay naglalarawan ng aktwal na pag-aangat ng isang pasanin. Ang ritmo at bilis ng galaw na ito ay nagpapahiwatig ng bigat ng trabaho at ng tiyempo ng pagtutulungan, kaya nagiging malinaw na ang sayaw ay kumakatawan sa pisikal at emosyonal na bigat ng gawaing pinapasan ng komunidad. Ang hakbang ng pagsaludo at pasasalamat, na makikita sa mga huling galaw tulad ng pagyuko, pagtango, o pagtaas ng mga kamay, ay nagpapahiwatig ng paggalang at pagkilala sa ambag ng mga tumulong at nakilahok sa gawain. Sa kabuuan, ang "Hinabangay Dance" ay nagiging pagtatanghal ng isang komunidad na sama-samang humaharap sa hamon, kung saan ang bawat indibidwal ay may papel sa kolektibong tagumpay. Ang interpretasyong ito ay umaayon sa obserbasyon ni Villaruz (2006) na ang mga sayaw sa Pilipinas ay madalas na naglalarawan ng mga gawain sa komunidad at nagpapakita ng kahalagahan ng sama-samang pagkilos sa lipunan.

Sa "Grasya," ang mga hakbang ay nagpapakita ng malapit na ugnayan ng tao sa kalikasan, agrikultura, at kabuhayan. Ang hakbang na naglalarawan ng tubig o water/tibod steps ay maaaring naglalaman ng maingat na pagbalanse ng tibod sa ulo at ritmikong pagbuhos, na nagpapakita ng hirap, pag-iingat, at kahalagahan ng tubig bilang mahalagang yaman sa buhay ng komunidad. Ang ganitong galaw ay nagpapahiwatig ng balyus ng pagsisikap at maingat na paggamit sa biyayang mula sa kalikasan. Samantala, ang hakbang na naglalarawan ng halaman at pagsasaka, gaya ng pagyuko at pag-abot sa lupa bilang paggaya sa pagtatanim, pagkumpas ng kamay paitaas bilang pagsasalarawan ng pag-ani, at pag-indayog ng katawan na gaya ng halamang hinahalik ng hangin, ay nagsisilbing representasyon ng agrikultural na pamumuhay. Ang paggamit ng kawayan bilang instrumento at kasangkapan sa pagsasaka ay nagbibigay ng matatag at ritmong pangkakalikasan, habang ipinapakita rin nito ang balyus ng pagtitiyaga, pagpupursige, at pag-asa para sa masaganang ani. Ang hakbang ng pagdiriwang at pag-aanyaya, na makikita sa masisiglang pag-ikot at pagtaas ng mga kamay sa katapusan ng sayaw, ay nagpapahayag ng lubos na kagalakan at pasasalamat. Sa ganitong paraan, ang "Grasya" ay nagiging isang sayaw ng pagdiriwang ng kasaganaan at isang paanyaya na pahalagahan ang mga likas na yaman. Ang pagbasa rito ay kaugnay ng pananaw ni Villones (2019) na maraming lokal na sayaw sa bansa ang nakaugat sa pamumuhay ng mga magsasaka,

kung saan ang mga galaw ay sumasalamin sa pang-araw-araw na buhay at pasasalamat sa masaganang ani.

Sa "Daegu Cultural Ensemble," ang mga hakbang ay nagpapakita ng pagsasanib ng bayanihan, disiplina, katapangan, at debosyon. Ang hakbang ng bayanihan at pagkakaisa ay gumagamit ng sabay-sabay na ritmo at mabilis ngunit organisadong pagbabago ng porma. Ang malalaking pag-indayog ng buong katawan ay sumasalamin sa pagbubuhat, pagtulong, at pagdiriwang, kaya naipapakita ang kolektibong lakas at pagsasaayos ng galaw bilang anyo ng komunal na disiplina. Kaugnay nito, ang hakbang na Garote o Arnis ay inilalarawan bilang matalim, tumpak, at controlled. Ang paggamit ng mabibilis na footwork ay nagpapahiwatig ng pagiging handa sa laban, habang ang malakas na tindig at mabigat na diin sa bawat pagtatapos ng kumpas ay nagpapakita ng disiplina at tapang. Ang ganitong paggamit ng elementong martial sa sayaw ay nagpapakita ng kasaysayan at kultura ng pagtatanggol, na ayon kina Tolentino et al. (2020) ay mahalagang aspekto ng pagsasama ng martial arts sa pagtatanghal. Kasabay nito, ang hakbang ng debosyon sa Sto. Niño, na may pagluhod o pag bow at pagtaas ng mga kamay sa paraang tila nagdarasal, ay gumagamit ng mas malumanay at lirikal na galaw na nagbibigay-kontras sa mabilis at masiglang Garote. Sa ganitong kombinasyon, ang "Daegu Cultural Ensemble" ay nagtatanghal ng dualidad ng kulturang Pilipino: ang pagiging matapang at handang ipagtanggol ang paniniwala at komunidad, habang nananatiling mapagkumbaba, madasalin, at nakaugat sa debosyon.

Sa "Kadenang Solar," ang mga hakbang ay nagpapakita ng mas kontemporaryong pagdulog sa pag-ibig, sakripisyo, indibidwalidad, at walang hanggang pag-asa. Ang hakbang ng ugnayan at paghihiwalay o contact and separation steps ay gumagamit ng lifts, falls, at counterbalances sa pagitan ng lalaki at babae. Ang mga galaw na nagpapalayo at muling nagpapalapit sa mga mananayaw ay sumasalamin sa tension ng magkaibang mundo at sa pangangailangang magsama sa kabila ng agwat at pagkakaiba. Ipinapakita nito ang lakas ng pagtitiwala at sakripisyo upang tulayin ang distansya sa pagitan ng dalawang indibidwal. Ang hakbang ng walang-humpay na siklo o eternal cycle steps naman ay gumagamit ng circular motions at spirals na kumakatawan sa araw o solar na walang-sawang sumisikat. Ang flowing at continuous na mga galaw ay nagpapahiwatig ng kawalang-hangganan ng pag-ibig at nagpapakita ng balyus ng pagtitiyaga, pag-asa, at paniniwala sa walang-katapusang posibilidad. Samantala, ang hakbang ng indibidwalidad at isolation, kung saan ang bawat solo ng lalaki o babae ay gumagamit ng pagkakasalungat upang ipakita ang indibidwal na paghihirap o paghahanap sa isa't isa sa magkaibang mundo, ay nagpapakita ng pagsasarili at pagpapahalaga sa sariling damdamin habang nananatili ang ugnayan. Sa ganitong pagbasa, ang "Kadenang Solar" ay nagiging makapangyarihang midyum ng pagkukuwento at pagpapahayag ng personal at kolektibong damdamin, alinsunod sa pananaw nina Waluyo at Wahyuni (2023) na ang sayaw ay maaaring maging daluyan ng naratibo at emosyonal na pagpapahayag.

Sa kabuuan ng pagsusuri batay sa hakbang ng sayaw, malinaw na ang mga pagtatanghal ng Omega De Salonera ay hindi lamang serye ng artistikong galaw kundi mayamang tapiserya ng kulturang Pilipino na hinabi mula sa pagtutulungan, paggalang sa kalikasan, pananampalataya, pag-ibig, at pagsasakripisyo. Ang "Hinabangay Dance" ay nagtatampok sa bayanihan at kolektibong lakas; ang "Grasya" ay nagpapahayag ng pasasalamat sa tubig, lupa, halaman, at ani; ang "Daegu Cultural Ensemble" ay pinagsasama ang disiplina ng Garote o Arnis at debosyon sa Sto. Niño; at ang "Kadenang Solar" ay naglalarawan ng ugnayan, paghihiwalay, siklo, indibidwalidad, at pag-asang nakaugat sa pag-ibig. Sa bawat indayog at kumpas, naipapakita ang sayaw bilang buhay na salamin ng kaluluwa ng isang bayan at bilang patunay ng patuloy na pag-iral ng kulturang Pilipino sa anyong tradisyonal at kontemporaryo (Alejo, 2022).

Ang pagsusuri sa simbolismo ng kasuotan at kagamitan sa mga sayaw ng Omega De Salonera ay nagpapakita na ang mga ito ay hindi lamang palamuti o pandagdag sa pagtatanghal,

kundi makapangyarihang tanda na naghahayag ng kultura, pananampalataya, panlipunang tungkulin, at kolektibong pagkakakilanlan ng komunidad. Ang bawat kulay, kasuotan, palamuti, at props ay nagsisilbing anyo ng komunikasyon na nagbibigay-lalim sa kahulugan ng sayaw at nagpapakita kung paano nagiging buhay na salaysay ng pamanang kultural ang pagtatanghal. Sa ganitong konteksto, mahalaga ang pagsusuri sa simbolismo ng kasuotan at kagamitan upang ganap na maunawaan ang mensaheng kultural ng isang sayaw (Cagulada & Bulilawa, 2024).

Sa "Hinabangay Dance," ang simbolismo ng kasuotan at kagamitan ay nakasentro sa bayanihan, paggawa, pamilya, at mga gampaning panlipunan sa loob ng komunidad. Ang kasuotan ng babae, na binubuo ng baro at saya na may apron sa kulay dilaw at lila, ay nagpapakita ng tradisyonal na kasuotang pambahay, habang ang apron ay sumisimbolo sa paglilingkod at pag-aalaga sa mga manggagawa. Ang kasuotan ng lalaki, na binubuo ng kamiseta at pantalon sa magkaparehong kulay, ay nagpapahiwatig ng kasimplehan at pagiging walang halong yabang sa pagtulong. Binibigyang-diin din nito ang pundamental na papel ng lalaki sa pisikal na konstruksiyon. Ang martilyo at iba pang kagamitang pagkakarpentiro na hawak ng mga lalaki ay direktang nagpapakita ng pisikal na paggawa, lakas, at kasipagan. Sa kabilang panig, ang kaldero at sandok na ginagamit ng mga babae ay nagpapakita ng mahalagang papel ng kababaihan sa bayanihan bilang tagapag-aruga, tagapagpakain, at tagapagbigay-lakas sa mga nagtatrabaho. Ang baroto o bangka at lambat ay nagpapakita ng iba't ibang pinagkukunan ng kabuhayan ng komunidad, partikular ang pangingisda at paggawa. Samantala, ang kubo o bahay kubo bilang prop o set piece ay kumakatawan sa tibay, katatagan, at pamilya. Bilang pinakalayunin ng bayanihan, ang kubo ay nagiging tahanan at sentro ng buhay pampamilya. Dahil dito, ang "Hinabangay Dance" ay nagiging representasyon ng komunidad na ang lakas ay nakaugat sa paggawa, pag-aaruga, kabuhayan, at pagpapatatag ng tahanan. Ang ganitong paggamit ng props ay kaugnay ng obserbasyon ni Villones (2019) na ang maraming sayaw sa Pilipinas ay hango sa pang-araw-araw na gawain, habang ang mga props ay maaari ring sumagisag sa lakas at kapangyarihan (Waluyo & Wahyuni, 2023).

Sa "Grasya," ang kasuotan at kagamitan ay nagpapakita ng ugnayan ng kabuhayan, kalikasan, kasimplehan, at pananampalataya. Ang kasuotan ng babae, na binubuo ng baro't saya at tapis, ay sumasalamin sa katutubong identidad at tradisyon. Ang baro at saya ay nagpapakita ng dangal at pambansang kasuotan ng Pilipina, samantalang ang tapis ay nagdaragdag ng modesty at hues ng kulay na nagpapahayag ng paggalang sa kultura at kasimplehan sa buhay-bukid. Ang kasuotan ng lalaki, na binubuo ng kamiseta at pantalon, ay nagpapakita ng praktikalidad ng pananamit para sa pang-araw-araw na gawain at nagpapahiwatig na ang sayaw ay nakaugat sa buhay-bukid o simpleng pamumuhay ng komunidad. Ang kombinasyon ng dilaw at lila ay mayaman sa kahulugan: ang dilaw ay sumisimbolo sa kasaganahan, init ng araw, saya, ani, at pag-asa, habang ang lila ay nagpapahiwatig ng debosyon, ispiritwalidad, at kapakumbabaan. Ang pagsasanib ng dalawang kulay ay nagpapakita ng masaganang buhay na may pananampalataya. Sa kagamitan, ang tibod na hawak ng babae ay sagisag ng buhay, sustento, at pag-aalaga, at sinasalamin nito ang papel ng babae bilang tagapangalaga ng tahanan at pamilya sa pamamagitan ng pagiging tagabigay ng tubig at buhay. Ipinapakita rin nito ang pagkamalikhain sa paggamit ng mga materyales mula sa kalikasan. Ang kawayan na ginagamit ng lalaki ay sagisag ng tibay, pagkamalikhain, at kasimplehan. Sa kulturang Pilipino, ang kawayan ay ginagamit sa maraming bagay, kaya kinakatawan nito ang kakayahang umangkop at gamitin ang mga biyaya ng kapaligiran upang maging kapaki-pakinabang. Pinakamahalaga sa mga kagamitan ang Sr. Sto. Niño figurine na hawak ng queen, sapagkat ang presensiya ng imahe ng Batang Hesus ay nagpapahiwatig na ang sayaw ay may malakas na relihiyosong tema. Ipinapakita nito na ang lahat ng biyaya,

kabilang ang tubig mula sa tibod, materyales mula sa kawayan, at kasaganahan ng pamumuhay, ay nagmumula sa grasya ng Diyos. Sa ganitong paraan, ang "Grasya" ay nagiging sayaw ng pasasalamat sa biyaya ng Maykapal at umaayon sa mga festival dance na nagpapakita ng debosyon at pasasalamat sa patron (Cagulada & Bulilawa, 2024).

Sa "Daegu Cultural Ensemble," ang kasuotan at kagamitan ay nagpapahayag ng paghahalo ng pambansang identidad, kasiglahan ng pagdiriwang, tapang, debosyon, at modernong inobasyon. Ang inspirasyon ng kasuotan ay katutubong suot na nag-uugat sa pambansang identidad at kasaysayan. Ang pula at ginto bilang pangunahing kulay ay may mahalagang simbolismo: ang ginto ay sumasagisag sa karangalan at kapangyarihan, samantalang ang pula ay nagpapahiwatig ng pag-ibig, debosyon, at alab ng pananampalataya. Sa konteksto ng festival, ang mga kulay na ito ay nagpapakita ng kasiglahan, kasaganahan, at pagdiriwang. Ang beads at palamuti sa kasuotan ay nagpapahiwatig ng sining at paggawa, habang pinagniningning din ang kasuotan sa ilalim ng ilaw upang bigyang-diin ang galaw at enerhiya ng mananayaw. Ang headress ng babae at lalaki ay karaniwang simbolo ng katayuan, at ang pagkakasuot nito ng parehong kasarian ay nagpapakita ng pagkakapantay-pantay sa pagtataguyod ng sining at kultura. Ang improvised saya na may lights na isinusuot ng babae ang pinaka-modernong elemento ng kasuotan, at ang ilaw dito ay sumisimbolo sa liwanag, pag-asa, at apoy ng pananampalataya at pagdiriwang. Sa kagamitan, ang Garote o Arnis sticks ay tumutukoy sa pambansang sining ng pakikipaglaban ng Pilipinas. Ang paggamit nito ay sumisimbolo sa tapang, pagiging palaban, pagtatanggol, at warrior spirit ng komunidad na handang ipagtanggol ang pananampalataya at kultura (Tolentino et al., 2020). Ang Sr. Sto. Niño figurine na hawak ng queen naman ang relihiyosong sentro ng pagtatanghal, at ang pagbitbit nito ng Reyna ay nagpapahiwatig na siya ang tagapagtaguyod ng pananampalataya. Sa kabuuan, ang "Daegu Cultural Ensemble" ay nagpapakita na ang kultura ay dinamiko at patuloy na nagbabago habang nananatiling nakaugat sa debosyon, pambansang identidad, at pagtatanggol sa pamana.

Sa "Kadenang Solar," ang simbolismo ng kasuotan at kawalan ng kagamitan ay nagpapakita ng kontemporaryong pagdulog sa pag-ibig, relasyon, kalikasan, at emosyonal na ugnayan. Ang pangunahing mananayaw na babae at lalaki ay gumamit ng purong puting damit, na sumisimbolo sa kadalisayan, kawalang-kasalanan, at potensyal. Ang pagtatagpo ng dalawang puting pigura ay lumilikha ng solar chain o kadena na nag-uugnay sa magkabilang dulo, na nagpapahiwatig na ang kanilang relasyon ang sentro ng kalawakan ng pagtatanghal. Ang body art at kulay ng ibang mananayaw ay kumakatawan sa konteksto at kapaligirang nakapalibot at nakaaapekto sa relasyon ng pangunahing tauhan. Ang asul ay sumisimbolo sa kalungkutan o distansya na kailangang lagpasan ng dalawang bida, gaya ng lupa at langit, at sinasalamin nito ang hamon sa pag-uugnay sa dalawang magkaibang mundo. Samantala, ang berde ay sumisimbolo sa kalikasan, pagpapatuloy ng buhay, pag-asa, at paghilom. Ipinapahiwatig nito na sa kabila ng distansya o dilim na kinakatawan ng asul, may pag-asa pa rin para sa paglago at pagpapatuloy ng relasyon. Ang sinadyang kawalan ng props ay nagbibigay-diin na ang mensahe ng sayaw ay nakatuon sa galaw ng katawan, choreography, at interaksyon ng mga mananayaw. Ang pagdikit, paglayo, at pag-ikot ng mga katawan ang mismong nagiging biswal na kadena. Sa ganitong pananaw, ang katawan ang pangunahing instrumento ng kahulugan, at ang kilos at galaw ay nagiging mga senyales na may malalim na kahulugang kultural, alinsunod sa semiotikong pagbasa ni Alejo (2022).

Sa kabuuan ng pagsusuri sa simbolismo ng kasuotan at kagamitan, malinaw na ang mga sayaw ng Omega De Salonera ay mabisang naglalarawan ng pagkakakilanlang Pilipino bilang kulturang nakaugat sa pagtutulungan, malalim na pananampalataya, pagpapahalaga sa kalikasan, paggawa, pamilya, at masalimuot na ugnayan ng tao. Sa "Hinabangay Dance," ang kasuotan at kagamitan ay nagpapahayag ng bayanihan, paggawa, pag-aaruga, kabuhayan, at tahanan bilang sentro ng komunidad. Sa "Grasya," ang baro't saya, tapis, tibod, kawayan, at

Sr. Sto. Niño figurine ay bumubuo ng simbolismo ng kasimplehan, kasaganahan, debosyon, at biyayang nagmumula sa Diyos. Sa "Daegu Cultural Ensemble," ang katutubong suot, pula at gintong kulay, beads, headress, improvised saya na may lights, Garote o Arnis sticks, at Sr. Sto. Niño figurine ay nagpapakita ng pambansang identidad, tapang, pananampalataya, at dinamismo ng kultura. Sa "Kadenang Solar," ang puting kasuotan, body art, asul at berdeng kulay, at kawalan ng props ay nagpapatingkad sa katawan bilang pangunahing daluyan ng kuwento ng pag-ibig, distansya, paghilom, at pag-asa. Sa ganitong kabuuan, pinatutunayan ng mga kasuotan at kagamitan na ang sayaw ay may mahalagang papel sa pagbuo at pagpapatuloy ng pagkakakilanlang Pilipino (Villaruz, 2006).

KONKLUSYON

Ang bahaging ito ng pag-aaral ay nagsisilbing sintesis ng mahahalagang natuklasan hinggil sa mga awitin at sayaw ng Omega de Salonera bilang salamin ng pagkakakilanlan, pananampalataya, at pagpapahalagang kultural ng Sitio Kapihan. Inilalahad sa kabanatang ito ang kabuuang pagsusuri sa mga datos at interpretasyong nabuo mula sa kwalitatibo at deskriptibong disenyo ng pananaliksik upang maipakita kung paano nagsisilbing buhay na representasyon ng kolektibong identidad ng komunidad ang kanilang sining. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga tema, simbolismo, hakbang, at elementong kultural na nakapaloob sa kanilang mga awitin at sayaw, higit na naunawaan ang ugnayan ng sining, espiritwalidad, at panlipunang pagkakaisa sa pagpapatuloy ng kanilang tradisyon at pamana.

Ang pananaliksik ay nagpatunay na ang mga awitin at sayaw ng Omega de Salonera ay hindi lamang simpleng pagtatanghal kundi isang buhay at dinamikong mekanismo na humuhubog at nagpapatibay sa kolektibong identidad ng Sitio Kapihan. Ang kanilang sining ay bumubuo ng isang komprehensibong naratibo kung saan ang mga tema ng pananampalataya, pag-asa, at pagkakaisa na matatagpuan sa kanilang mga awitin ay ganap na naipapahayag sa pisikal na kilos ng Bayanihan, pagtutulungan, at pasasalamat sa kalikasan na nasasalamin naman sa kanilang mga sayaw. Ang mga pagtatanghal na ito ay nagsisilbing malinaw na dokumentasyon ng isang pagkakakilanlang nakaugat sa espiritwalidad, matibay na samahan ng komunidad, at paggalang sa kapaligiran. Dahil dito, napatunayan na ang Omega de Salonera ay hindi lamang tagapagtaguyod ng sining kundi isa ring pangunahing tagapangalaga at tagapagtala ng kulturang lokal na nagpapatuloy sa mga tradisyon at pagpapahalaga ng kanilang pamayanan.

Lumabas din sa pag-aaral na ang mga awitin ng Omega de Salonera ay bumubuo ng isang masalimuot at magkakaugnay na sistemang teolohikal na nagpapatibay sa kanilang ideolohiya, moralidad, at pagkakaisa bilang grupo. Ang mga temang umiikot sa Pagsusumikap na kinakatawan ng "Buhata," Sakripisyo na sentral sa "Ikaw," at Pag-asa na makikita sa "Himala ng Pasko" ay bumubuo ng isang "circular logic" na nag-uugnay sa pang-araw-araw na pakikibaka ng tao sa banal na layunin at gantimpala. Ang sistemang ito ay higit pang pinatatag ng paggamit ng mga simbolismong tulad ng "Buhata" bilang representasyon ng moral na ahensiya, "Bukid pataga" bilang metapora ng paghahanda ng sarili, at "dugo" at "kusog" bilang sagisag ng banal na tulong tungo sa "paraiso." Sa pamamagitan nito, napatunayang ang kanilang mga awitin ay hindi lamang malikhaing ekspresyon kundi nagsisilbing pundasyon ng kolektibong identidad na nakaugat sa mga pagpapahalagang Pilipino tulad ng Pagkakapatiran, Bayanihan, Tiyaga, at Pagpapakumbaba. Ang mga pagpapahalagang ito ay matagumpay na nag-uugnay sa etika ng pagsisikap at pananampalataya habang kinikilala ang Diyos bilang pinakamataas na awtoridad sa kanilang buhay at komunidad.

Higit pa rito, ipinakita ng pag-aaral na ang mga sayaw ng Omega de Salonera ay isang holistikong "tapiserya ng kultura" kung saan ang klasipikasyon, hakbang, at simbolismo ay magkakaugnay na nagsisilbing representasyon ng kanilang pagkakakilanlan. Ang mga Pangkulturang Sayaw tulad ng "Hinabangay" ay naglalarawan ng diwa ng Bayanihan at pagtutulungan, habang ang "Grasya" ay nagpapahayag ng pasasalamat sa kalikasan at biyayang espiritwal. Maging ang kanilang Kontemporaryong Sayaw tulad ng "Kadenang Solar" ay nagpapahiwatig ng mga pagpapahalagang may kaugnayan sa katatagan ng pag-ibig at emosyonal na ugnayan. Ang mga pagpapahalagang ito ay naisasabuhay sa pamamagitan ng mga hakbang ng sayaw na nagsisilbing naratibo ng komunidad, tulad ng kolektibong paggalaw bilang manipestasyon ng pagtutulungan, mga kilos na ginagaya ang gawaing agrikultural, at pagsasanib ng debosyon at katapangan sa paggamit ng mga hakbang na may kaugnayan sa Arnis. Pinagtitibay pa ito ng simbolismo ng kanilang kasuotan at kagamitan, gaya ng paggamit ng martilyo, kaldero, imahe ng Sto. Niño, at Arnis sticks na nagsisilbing representasyon ng mga gampanin, pananampalataya, at pagtatanggol sa kanilang kultura at identidad. Dahil dito, napatunayang ang kanilang mga sayaw ay isang buhay na salamin ng kolektibong diwa, pagpapahalaga, at paniniwala ng kanilang komunidad.

Batay sa mga natuklasan at kongklusyong ito, mahalagang ipagpatuloy ng mga miyembro ng Omega de Salonera ang kanilang tungkulin bilang tagapag-ingat at tagapagpasa ng kultura sa pamamagitan ng aktibong pagtuturo sa mga nakababatang henerasyon hindi lamang ng mga hakbang at liriko kundi maging ng malalim na kahulugan at "circular logic" na bumabalot sa kanilang sining at pananampalataya. Mahalaga ring magsilbing lunsaran ang pag-aaral na ito para sa mga mananaliksik at akademya upang higit pang siyasatin ang mga katulad na ethno-theological na sistema sa iba't ibang komunidad at pag-aralan kung paano ginagamit ang sining bilang mekanismo ng pagpapatibay ng moralidad, pagkakaisa, at identidad. Kasabay nito, kinakailangang kilalanin ng mga lokal na pamahalaan ang Omega de Salonera bilang mahalagang "Intangible Cultural Heritage" ng kanilang lugar at maglaan ng sapat na suportang institusyonal at pinansyal upang mapanatili ang kanilang mga tradisyon at pagtatanghal. Gayundin, mahalagang tangkilikin ng pangkalahatang publiko ang kanilang mga pagtatanghal hindi lamang bilang libangan kundi bilang isang buhay na aralin sa kultura, espiritwalidad, katatagan, at pagkakaisa ng isang komunidad.

## TALASANGGUNIAN

Abad, Y. (2021). Want to be an A'TIN?: A beginner's guide to SB19. Rappler. https://www.rappler.com/entertainment/music/want-atin-beginner-guide-sb

Aguilar, J. J. (2024). Women Empowerment: Isang Kritikal na Diskursong Pagsusuri sa mga Awitin ng Grupong Bini. International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 2(2), 257- 274.

Alejo, J. (2022). Dance Ethnography: An Analysis on Aeta Ambala Tribe of Barangay Tubo-Tubo, Bataan. Universal Journal of Educational Research, 1(4), 218-231.

Amtalao, J. A., & Lartec, J. K. (2015). Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano/The Language of Sillag Festival as a Reflection of Culture and Identity of the Ilocano. Malay, 27(2), 1–1.

Asis, Michael Demetrius H. (2013). Suffering, Salvation, and the Filipino: Francis Schüssler Fiorenza's Theology of Divine Emancipatory Solidarity in the Context of Poverty and Marginalization. Budhi: A Journal of Ideas and Culture 17(3), 20–49.

Balbada, E. S., & Largo, R. C. (2021). Pagsipat sa Kulturang Waraynon sa mga Piling Awitin ni A. Ramasasa. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 09(02), 11-22.

Beeman, W. and Schechner, R. (1993). Performance Theory in an Anthropolo gy Program. Dinownload noong 29 August 2013 mula sa http://www.brown.edu/Departments/Anthropology/publications/PerformanceTheory.htm

Beltran, Benigno P. (1987). The Christology of the Inarticulate: An Inquiry into the Filipino Understanding of Jesus the Christ.

Botor, Nephtaly Joel B. et al. (2018). Kuwentong Katatagan at Pagbangon: Danas at Pakahulugan sa Disaster at Family Resilience ng Ilang Disaster Survivors sa Albay. DIWA E-Journal 6, 52-70.

Cagulada, E. R. M. & Bulilawa, R. Y. (2024). Features of the Unpublished Katigbawan Festival Dance of Catigbian, Bohol. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research. 5(2), 640 – 647. doi: 10.11594/ijmaber.05.02.24

Cruz, M. L., & Reyes, F. A. (2019). Moral Agency and the Call to Action in Contemporary Christian Music. Philippine Journal of Religious Studies, 45(2), 120-135.

Datu, Jesus Alfonso D., Valdez, Jana Patricia M., & King, Ronnel B. (2015). Perseverance Counts but Consistency Does Not! Validating the Short Grit Scale in a Collectivist Setting. Journal of Personality Assessment 91(1), 166–174.

Del Rosario, R. S. (2017). Eschatological Hope and Astronomical Symbolism in Filipino Devotional Songs. Asia-Pacific Theology Review, 11(1), 50-68.

Dela Cruz, M. I., & Montejo, L. D. (2022). Pakikipagkapwa-Tao as a Foundation for Social Ethics in Contemporary Philippine Context. Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia, 58, 45-62.

Flores, S. M. S., Mata, M. A. C., Parinasan, R. M. M., & Inocian, R. B. (2016). Argao's La Torta Dance Festival: A Culture Mix of Colonial and Indigenous Elements. Global Journal of Human-Social Science: D History, Archaeology & Anthropology, 16(1), 23-34.

Garcia, J. P. (2018). The Rehas of the Past: Symbolism of Imprisonment and Redemption in Filipino Christian Lyrical Themes. Interdisciplinary Research Quarterly, 9(3), 88-102.

Hechanova, Ma. Regina M., Waelde, Lynn, Docena, Pierce S., Alampay, Liane Peña, Alianan, Arsenio S., Flores, Mary Joan B., & Melgar, Maria Isabel E. (2015). The development and initial evaluation of Katatagan: a resilience intervention for Filipino disaster survivors. Philippine Journal of Psychology 48(2), 105-131.

Javier, A. B. (2017). The Protestant Work Ethic in the Philippines: A Cultural Integration of Tiyaga and Christian Reward. Philippine Journal of Psychology, 50(1), 15-28.

Malibiran-Salumbides, M. (2020). Walk Humbly, Work Humbly: Humility and Service in Filipino Christian Leadership. Pambansang Wika at Kultura Journal, 15(2), 70-85.

Ramos, C. F. (2019). The Communal Spirit in Filipino Christmas Celebrations: A Study on Bayanihan and Social Solidarity. Cultural Studies Research Journal, 4(1), 110-125.

Sánchez González, M. G. (2020). Adolescents and values portrayed in music nowadays. Multidisciplinary Journal for Education, Social and Technological Sciences, 7(2), 45.

Santos, A. B. (2021). Metaphors of Self-Preparation: Spiritual Formation in the Imagery of Landscaping in Local Worship Music. Southeast Asian Theological Journal, 3(4), 210-225.

Sebio, A. L. (2023). Wika at Kultura ng OPM: Pagsusuri ng mga Awiting Pilipino Tungo sa Pag-Unawa sa Kultura ng Ika-21 Siglong Pilipino. E-DAWA: An International Multidisciplinary Research Journal, 3(2).

Shang, J. (2019). Research on Popular Music Communication Under the New Media Revolution. Proceedings of the 4th International Conference on Contemporary Education, Social Sciences and Humanities (ICCESSH 2019). Proceedings of the 4th International Conference on Contemporary Education, Social Sciences and Humanities (ICCESSH 2019), Moscow, Russia. https://doi.org/10.2991/iccessh- 19.2019.213

Taylor, A. (2007). Ang Kultura ay isang/ slide share. https://www.coursehero.com/file/p2npbd1/Ayon-kina Andersen-at-Taylor-2007ang-kultura-ay-isang-kumplikadong-sistema-ng/

Teodoro, E. M. (2020). The Sacrificial Lamb: Interpreting the Blood and Power of Christ in Visayan Christian Hymnody. Studies in Liturgy and Hymnography, 25(1), 35-50.

Tolentino, J. C., Bansil, J. C., Bacani, S. M., Datu, R. A., & Malit, C. (2020). Unravel from the Influences: Establishing the Identity of the Pinukpúk Festival Dance. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 8(3).

Villaruz, B. E. S. (2006). Treading Through: 45 Years of Philippine Dance. University of the Philippines Press.

Villones, R. V. (2019). Contextualizing Local Dance Festival on the Lifestyle of Negrense Sugarcane Plantation Workers. International Journal of Research in Humanities and Social Studies, 6(10), 1-12.

Waluyo, H., & Wahyuni, A. (2023). Art Preservation Through Karang Taruna Empowerment in Mekar Jaya Village: A Case Study of Kompangan Arts and Traditional Dance. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 4(2), 463–470. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.02.14